

Pangalan: _____ Pangkat: _____
 Petsa : _____ Marka: _____

Kasanayan: Naiisa-isa ang mga argumento sa binasang teksto.
Code : F6PB-IIIe-23

Ang pangangatwiran o argumento ay isang pagpapahayag na nagbibigay ng sapat na katibayan o patunay upang ang isang panukala ay maging katanggap - tanggap o kapani-paniwala. Layunin nito na hikayatin ang mga tagapakinig na tanggapin ang kawastuhan ang kanilang pananalig o paniniwala sa pamamagitan ng makatwirang pagpapahayag.

GAWAIN 1 Panuto: Pag-aralan ang bawat pahayag. Piliin ang letra ng tamang sagot na nagbibigay ng tamang argumentasyon sa pahayag na nailahad. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Maynilad at Manila Water may bawas singil sa Enero
 - A. Tama lamang na bumaba ito dahil marami ng mga mahihirap na naghihikahos sa buhay.
 - B. Malaking tulong ito sa mahihirap lalo na't kinakapos sa pangangailangan.
 - C. Makakabawas ng bayarin.
 - D. Lahat ng nabanggit
2. Presyo ng bilihin tumaas matapos manalasa ang Bagyong Ulysses.
 - A. Malaking perwisyo ang dulot nito lalo na sa mga mamimili at nagtitinda.
 - B. Sinasamantala ang presyo ng mga tindera at tindero.
 - C. Malaking tulong sa mga mamimili.
 - D. Tataas ang mga pangangailangan
3. Face to face ipapatupad na! .
 - A. Maraming magulang ang umaasa na maisakatuparan ito upang maturuan ng lubusan ang mga bata.
 - B. Ang ilan ay nangangamba baka biglang lolobo ang bilang ng mahahawaan ng COVID-19.
 - C. Tiyakin muna ang kaligtasan ng nakararami lalo na't mga bata ang pinaguusapan.
 - D. Lahat ay tama.
4. Pagbibigay ng ayuda sa panahon ng pandemya.
 - A. Pag-asa sa karamihang mamamayan lalo na sa mga nawalan ng hanapbuhay.
 - B. Maraming ruta ng pampasaherong sasakyan ay hindi pa pinahihintulutan.
 - C. Singil sa tubig bumaba.
 - D. Pananalasa ng Bagyong Ulysses
5. Bakuna sa COVID-19 malapit na!
 - A. Pagbaba ng presyo ng langis.
 - B. Pangamba sa pagkalat ng COVID-19 wawakasan na.
 - C. Malawakang pagrarily.
 - D. Malaking pinsala ng kalamidad sa bansa.

GAWAIN 2 Panuto: Piliin ang angkop na argumentasyon o pangangatwiran sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

Hanay A	Hanay B
1. Huwag naming itaas ang presyo ng langis	A. upang mataas ang kalidad ng pagtuturo
2. Dagdagan ang badyet ng edukasyon.	B. tataas na naman ang mga bilihin
3. Tigilan ang pagputol sa mga punongkahoy.	C. delikado ang buhay ngayon
4. Pagbawalan mo siyang umuwi ng gabi na.	D. naagaw ang panahon na dapat ay sa pag-aaral lamang
5. Hindi dapat nakikipagbarkada	E. nakasisira ito sa kagubatan

ang isang estudyante	
----------------------	--

Gawain 3 Panuto: Piliin sa ibaba ang angkop na argumento o pangangatwiran sa bawat pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

- _____ 1. Tutol ako sa pagkain ng mga junk foods.
- _____ 2. Sana ay huwag nang ituloy ang E-VAT.
- _____ 3. Kailangang ipatupad nang mahigpit ang curfew hour sa mga kabataan.
- _____ 4. Umiwas sa masasamang bisyo.
- _____ 5. Dapat lamang na may parusang kamatayan.

- | |
|--|
| <ul style="list-style-type: none">A. makasama ito sa kalusuganB. hindi pagala-gala ang mga kabataan sa dis oras ng gabiC. Lalong maghihirap ang mga mahihirapD. Mapapariwara ang kinabukasanE. Laganap na ang mga karumaldumal na pagpatay |
|--|

Inihanda ni: Gng. Noime O. Fedilino